




Editoryal

Gapiin ang Oplan Bantay Laya at ang rehimeng US-Arroyo

Sa pagwawakas noong katapusan ng 2006 ng unang Oplan Bantay Laya (OBL), ipinangalandakan ng rehimeng US-Arroyo at ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na matagumpay ang kanilang limang-taong kontra-rebelsyonaryong Internal Security Operations Plan. Nang simulan naman ang OBL 2 noong Enero, paulit-ulit na itinambol ng mga pasistang upisyal na "mapagpasyang malilipol ang mga rebolusyonaryong pwersa pagsapit ng 2010."

Ngunit Oktubre 2007 pa lamang, nabunyag sa publiko ang isang sikretong dokumento ng AFP na nagsasabing imposibleng makamit ang target ng OBL 2. Isinasaad ng dokumentong ito na bigo maging ang OBL 2 sa target nitong madurog ang 12 larangang gerilya ngayong taon.

Tulad ng lahat ng naunang kontra-rebelsyonaryong plano ng reaksyunaryong papet na estado, tiyak na mabibigo ang di makatarungan, malupit, mapangwasak at kontra-mamayang OBL 2. Ipinakikita ito ng kongkretong karanasan sa iba't ibang larangang gerilya. Nahihibang ang rehimeng US-Arroyo na magaga-



***Mga tampok sa
isyung ito...***

**Bigo ang OBL 2 sa
Northeastern
Mindanao**

PAHINA 3

**15 armas, nasamsam
ng BHB sa Bukidnon**

PAHINA 6

**Pitong taon ng
pagnanakaw**

PAHINA 10

pi nito ang rebolusyonaryong kilusan. Walang kakayahang militar, pulitikal at moral na lakas ang nag-haharing rehimeng para pigilan ang patuloy na pagsulong ng mga rebolusyonaryong kilusan at armadong pakikibaka.

Mahahalagang aral ang natitipon ng mga rebolusyonaryong pwersa mula sa pinagdaanang hirap at matatagumpay na karanasan. Nagsisilbing mahalagang gabay ang mga ito sa paghadlang at tulyang pagbigo sa kasalukuyang OBL 2. (*Tingnan sa kaugnay na artikulo ang naging karanasan sa NEMR.*)

Ang ibayong paglupit ng bawat kontra-rebolusyonaryong oplan ay tanda ng nag-iibayong desperasyon ng naghaharing rehimeng. Gayunpaman, bukod-tangi ang kalupitan ng OBL 1 at 2. Itinutuon nito ang buong bangis sa mamamayan alinsunod sa pasistang prinsipyong nitong "limasin ang tubig para mahuli ang isda." Sukdulang binabalewala ng kasalukuyang rehimeng ang mga krapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Parami nang parami ang bilang ng mga kaso ng pamamaslang, pagdukot, pwersang pagpapalikas, tortyur at iba pang karahanan. Target ng karaha-

sang ito di lamang ang mga rebolusyonaryong pwersa, kundi higit pa, ang mga aktibista at sibilyang pinagsususpetsahang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Higit na pinahihirapan ng OBL 2 ang karaniwang mamamayan, pinisperwyong kanilang kabuhayan at pinasasa-hol ang lugmok nilang kalagayan. Di iilang komunidad ang sina-salakay, binobomba at pwersahang pinalilikas. Sinusunog ang mga bahay, sinisira ang mga sakahan sa layuning takutin at patrasin ang mamamayan.

Nasa ubod ng OBL 2 ang pigilan ang mamamayan na ipaglaban ang kanilang mga karapatan, kagalungan at kinabukasan. Ipinagtagtanggol nito ang naghaharing gubernero at sistemang nagsasamantala at nang-aapi sa malawak na masa ng sambayanan. Pinagsisilbi ito ng rehimeng US-Arroyo sa makitid na interes nitong mangunyapit sa poder.

Ginagamit na kasangkapan ng OBL 2 sa paghahasik ng lagim ang

reaksyunaryong militar at mga pasistang batas tulad ng Anti-Terror Law at ang mga ahensya ng gubernero na nagpaplano at nagdidirihe ng mga "ligal" na pakana para maiwaki at masupil ang mga itinuturing nilang "kalaban ng estado."



Sa pamamagitan ng mga ito, naghahasik sila ng pasismo at terorismo sa mga ligal at hayag na progresibo at demokratikong pwersa at mga masugid na oposisyon ng anti-Arroyo.

Walang ibang naaani ang rehimeng US-Arroyo sa pagpapatupad ng OBL

2 kundi ang sukdulang pagkamuhi ng mamamayan at ang lubhang pagkakahiwalay nito sa malawak na masa. Ang karahanan at pang-aabuso ng militar ang mis-mong nagtutulak sa kanilang labanan ang OBL 2 at lahat ng iba pang kalupitan at panunupil ng rehimeng US-Arroyo. Kaliwa't kanan ang pagtuligsa sa rehimeng US-Arroyo maging sa labas ng bansa.

Tumitindig na rin laban sa pangkating Arroyo maging ang ilang pulitikong kabilang sa naghaharing koalisyon. Maging ang ilang tampok na desisyon ng Korte Suprema ay sumasagka sa pasistang kampanya ng rehimeng. Dumarami rin ang bilang ng mga armadong pwersa ng estado, na hindi na makanlis sa nakikita nilang kabulukan ng rehimeng, paghihirap ng bayan at pagkasangkapan sa kanila sa marahas na panunupil sa mamamayan.

Lalo ring tumitindig ang determinasyon ng mamamayan na labanan, biguin at ibagsak ang rehimeng US-Arroyo. Gagapiin ng mamamayan at ng kanilang hukbo ang OBL 2 at ang bulok na rehimeng utak ng ubod ng lupiter na kontra-rebolusyonaryong pakana ng ito. AB

ANG Bayan

Taon XXXVIII Blg. 24 Disyembre 21, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editoryal

| | |
|-----------------------------------|---|
| Gapiin ang OBL at rehimeng Arroyo | 1 |
| Bigo ang OBL 2 sa NEMR | 3 |
| Mga TO sa Surigao del Sur | 4 |

Matatagumpay na opensiba

| | |
|--|---|
| 15 armas nasamsam sa Bukidnon | 6 |
| Mga opensiba sa Southern Tagalog | 6 |
| Ahente ng <i>death squad</i> , pinarusahan | 6 |

Pananalanta ng pasistang estado

| | |
|-------------------------------------|----|
| Tumitinding militarisasyon | 7 |
| Colonel Buan at 5 iba pa, isinakdal | 8 |
| Walang katarungan | 9 |
| Pitong taon ng pagninanakaw | 10 |
| Pautang ng World Bank, sinuspinde | 11 |
| Manunulat para sa bayan, pumanaw | 11 |
| Pambansang tigil-pasada | 12 |
| 300 Maoistang Indian, pumuga | 12 |

Bigo ang OBL 2 sa Northeastern Mindanao

Bigo ang Armed Forces of the Philippines (AFP) sa inilunsad nitong sustenidong mga operasyong militar sa Northeastern Mindanao Region (NEMR) mula Enero hanggang Hunyo 2007. Sa kabilang pagbuhos nito ng tauhan at kagamitang pandigma, hindi nito nagawang drugin ang Larangang Gerilya 14 (LG 14)—isa sa pangunahing target ng Oplan Bantay Laya 2—o alinmang larangan sa rehiyon.

Hindi lamang nakapagpreserba ng lakas ang Bagong Hukbong Bayan (BHB), sa malao'y naagaw din nito ang inisyatiba, napangibabawan ang mga kahinaan, nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba, nagdulot ng maraming pinsala sa kaaway at nakapagpalawak ng rebolusyonaryong gawain.

Dumog-militar. Inilunsad ng AFP ang OBL2 sa NEMR noong Enero 2007. Sa mga lugar na tinutukan nito sa loob ng anim na buwan, nagdulot ito ng mabibigat na pinsala sa mamamayan.

Alinsunod sa taktikang dumog at "sustenidong operasyon," nagtambak ang AFP ng 1,500 tropa sa simula pa lamang ng kampanya. Idineploy ang 401st at 402nd Bde

ng Philippine Army sa mga estratehikong munisipalidad ng NEMR at hangganan ng mga kanugnog na rehiyon. Koordinado sa mga batalyong ito ang mga yunit artileri at mga *light armored unit* na nasa ilalim ng pang-operasyong kontrol ng dalawang brigada.

Sa buong panahon ng mga operasyon nito, ibinuhos pa ng AFP ang apat na batalyon (36th IB, 58th IB, 29th IB at ang 23rd IB na siyang itinuturing na kadreng batalyon ng 401st Bde), tatlong Division Reconnaissance Company (41st DRC, 42nd DRC at 43rd DRC), mga pwersa ng Scout Rangers, Military Intelligence Battalion (MIB) at 2nd Special Forces na nanggaling pa sa Sulu. Idinagdag pa ang

Special Action Forces mula sa Philippine National Police. Maging ang mga tropa ng 73rd IB at 60th IB ng 10th ID na nakadeploy sa Southern Mindanao ay ginamit sa mga operasyon sa rehiyon.

Gumamit ang mga espesyal na yunit nila ng mga makabagong armas tulad ng 66 mm *rocket launcher*. Bawat yunit ay gumamit ng mga *night vision goggles* at *night vision scope* (NVG/NVS) sa paniniktk at sagupaan sa gabi. Ang kanilang tropa ay sinuhayan din ng mga kanyon, modernong elektronik na kagamitang paniktik, mga *OV-10 bomber* at *helicopter gunship* para sa suportang transportasyon, *air surveillance*, *air strike* at suporta sa kombat.

Nagtayo ang AFP ng kampo sa tinawag nilang "key hole", lugar na tinataya nilang "balwarte" ng rebolusyonaryong kilusan sa buong larangan. Ang itinayong kampo ang nagsilbing *patrol base* at kinargahan ng mga modernong kagamitang paniktik katulad ng komunikasyong *satellite*, *cellphone tracker*, mga kompyuter at iba pang kagamitang elektronik.

Tuluy-tuloy ang patrolya sa paligid ng "key hole" para maitaboy ang mga yunit ng BHB. Sa paligid ng larangan, idineploy ang maraming kolum (mga platon at kumpanya) na kadalasang gumagamit ng taktikang kumando ng mga Scout Ranger. Sa rurok ng kanilang operasyon, mahigit 20 kolum ang sabay-sabay na naglunsad ng mga operasyon sa loob at paligid ng LG14. Kasabay nito, tuluy-tuloy din ang paggalugad ng ibang yunit miliar sa ibang mga larangan sa rehiyon.

Upang sindakin ang mamamayan, matinding pasistang atake ang isinagawa ng kaaway sa mga komunidad—arbitraryong pang-aarresto, panganganyon at pambo-bomba, paninira sa ari-arian ng mga residente at pagtatayo ng mga



tsekpoyn at blokeyo sa pagkain. Dalawang aktibista ang pinatay ng kaaway at dalawa pa ang grabeng nasugatan. Napinsalaan ang liblibong mamamayan sa lugar, nawasak ang kanilang kabuhayan at mga tahanan, at maging ang kanilang mga organisasyon.

Aktibong pinakilos ng AFP ang mga nagtraydor at ang mga narekruit na lokal na ahente laban sa rebolusyon at mamamayan. Malawakan silang nagsagawa ng pananakot, pagpapakalat ng mga disinformasyon, saywar at itim na propaganda.

Pagbigo sa dumog. Sa kabilang inisyal na mga kahinaan sa pagharap sa pagdumog at sustenidong operasyon ng kaaway, mabilis na nakaangkop ang hukbong bayan sa pamumuno ng mga cadre ng Partido. Agad na humalaw ng mga saligan at partikular na aral na nagsibing gabay sa paglaban at pagbigo sa mga operasyon ng kaaway.

Sa panawagang "panghawakan ang inisyatiba sa pulitiko-militar para biguin ang OBL 2," lumitaw ang ilang susing kahinaan sa paghahanda at pagharap sa mga atake ng kaaway. Puspusan ang naging mga pagsisikap upang mapangibabawan ang mga ito at konsolidahan ang Partido at BHB. Puspusan din ang mga pagsisikap para hasain ang kakayahan nito sa pakikidigmang gerilya, sa pagdepensa at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at sa pagpapakilos ng masa. Inilabas ng panrehiyong pamuanan ang mga dokumentong "Mulat at mahigpit na pagpapatupad ng batayang oryentasyong militar" at "Paglulunsad ng mga *combat drill*" bilang pagharap at pagresolba sa naturang mga kahinaan.

Pagsapit ng Hunyo, nilagom ng rehiyon ang kanilang karanasan at inilabas ang dokumentong "Patuloy na pagbigo sa OBL II" na naglaman ng mga aral ng nagdaang kampanya.

Sa panahong nasaklaw ng OBL 2, nakapaglunsad ang BHB sa rehiyon ng kabuuang 27 taktikal na opensiba. Umabot sa 63 ang naitalang namatay at 21 ang nasugatang tropa ng militar. Nakasamsam din ng ilang armas.

Pagkatapos ng anim na buwang pagdumog at sustenidong operasyon sa rehiyon, hindi nawasak ng kaaway ang LG14 o anumang larangan sa rehiyon. Hindi nagawa ng AFP na makapaglabas ng engrandeng proklamasyong "nadurog" ang larangan. Bigong umatras sa larangan ang kalakhan ng mga tropa ng kaaway at naiwan na lamang ang 36th IB na panaka-nakang naglulunsad ng mga operasyon.

Habang nakipagpatintero ang

mga yunit sa LG14 laban sa mala-king pwersa ng kaaway, tuluy-tuloy ang pagbwelo ng mga larangan sa paligid at sa ibang rehiyon na hindi nakonsentrahan ng kaaway. Sa pangkalahatan, nakapagpalakas at nakapagpalawak ang mga yunit ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa mga laranganang ito. Hinati ang atensyon at lakas ng kaaway sa pamamagitan ng marami at tuluy-tuloy na paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at pagdulot ng maraming kaswalti sa kaaway sa ibang mga larangan ng rehiyon at iba pang rehiyon ng Mindanao.

Nakamit ang mga tagumpay na ito dahil din sa dati nang malakas at matibay na saligang pundasyon

Mga aksyong militar ng BHB sa Surigao del Sur

Sunud-sunod na mga aksyong militar ang inilunsad ng mga pwersa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Larangang Gerilya 19-A at B sa Surigao del Sur sa gitna ng matinding operasyong militar ng AFP nitong huling hati ng Nobyembre. Sa kabuuan, tatlong platoon ng kaaway ang naparalisa ng BHB sa mga armadong aksyon nito.

Nobyembre 30. Inambus ng mga elemento ng BHB ang Recondo Platoon ng 58th IB sa Km. 16, Sityo Manluy-a, Diatagon, Surigao del Sur bandang alas-8 ng gabi. Isa ang namatay at 15 ang nasugatan, kabilang si 2nd Lieutenant Sison. Walang kaswalti sa panig ng BHB.


Bago ito, bandang alas-12:45 ng hapon, inisnayp naman ng BHB ang mga elemento ng 58th IB sa Sityo Manluy-a.

Nobyembre 24. Nagsagawa ng isnayping ang mga elemento ng BHB sa mga tropa ng 58th IB sa Km. 15, Artimco Road sa bayan ng Cagwait.

Alas-2 ng hapon, inisnayp ng isang tim ng BHB ang mga pwersa ng 58th IB sa Sityo Hanyaan. Isang Sergeant Dumandan ang nasugatan.

Alas-10 ng umaga, pinasabugan ng BHB ng bomba ang isang platoon ng 58th IB na nasa Sityo Hanyaan. Labindalawa ang nasugatan sa mga kaaway na dinala at ipinagamot sa Butuan City. Inaamin ng militar na namatayan sila ng dalawang sundalo, ngunit napag-alaman ng BHB na umabot sa lima ang nasawi. Walang kaswalti sa panig ng mga Pulang mandirigma.

Nobyembre 21. Inisnayp at napatay ng mga Pulang mandirigma ang isang operatibang paniktik ng 58th IB sa Sityo Manluy-a. **AB**



ng rebolusyonaryong kilusan sa larragan at rehiyon, sa matatag na rebolusyonaryong paninidigan, ta-pang at kahandaan ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa sa puspusang pakikibaka at pagsuong sa mga kinakailangang hirap at sakripisyo sa harap ng matinding pagatake ng kaaway.

Tuluy-tuloy ang pagdaloy ng suporta ng mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan sa kabilang mga kahirapang dinaranas nila. Napreserba ng lahat ng mga yunit ng BHB sa LG14 ang kanilang lakas at mabilis at madali nilang naipatupad muli ang patuloy na pagpapalakas ng baseng masa at pagsusulong ng rebolusyonaryong agraryo, kasa-bay ng kanilang masiglang gawaing militar.

Mga aral at pangingibabaw sa mga kahinaan. Bunga ng mga kahinaan sa simula, laluna sa unang mga buwan ng OBL2 sa rehiyon, nagkaroon ng 10 depensiba at dalawa pang pagharas sa mga pwersa ng LG14. Sa mga depensibang ito, isang Pulang mandirigma ang namatay, dalawa ang nasugatan at dalawa ang nahuli ng kaaway. Ilang riple, eksplosibo at iba pang mga kagamitang pandigma ang nakuha ng kaaway.

Nabalam ang pagtugon ng mga pwersa sa rehiyon laban sa OBL 2 dahil hindi agad napag-aranan nang malilim ang estratehiyang ito ng kaaway. Hindi agad nabasa ang pasok at galaw ng OBL 2 sa rehiyon pagkalunsad nito noong Enero. Hindi masusing nabasa kung ano ang kahulungan ng pagdagsa ng mga pwersa ng kaaway, kung gaano karami ang tropa ng kaaway na ginagamit, kung saan ang pokus at unang target ng pag-atake ng mga ito at kung ano ang paraan ng kanilang operasyon.

Matapos ang ilang panahon, nakapagsagawa ang pamunuan ng Partido at kumand ng BHB sa rehiyon ng pag-aaral sa sitwasyon at inilunsad ang kampanya ng pagharaap sa OBL 2.

Upang pangibabawan ang kakulangan sa pagsasanay ng mga Pulang mandirigma, idinirihe ng pamunuan ang paglulunsad ng mga pinaikling pagsasanay o *crash course* para itaas ang mga batayang kakayahang militar ng BHB pati na mga espesyal na kakayahang sa isnayping at operasyong kumando.

Pinalakas ang pampolitika at pang-ideolohiyang katatagan ng mga Pulang mandirigma upang mapangibabawan ang mga naging kaluwagan sa disciplina at liberalismo ng maraming pwersa ng BHB sa paghawak sa mga regulasyon at disciplinang militar. Nagsilbi din ito para mapangibabawan nila ang mga kahirapan at sakripisyo sa harap ng sustenidong operasyon ng kaaway.

Ipinatupad ang mga kinakailangang patakaran sa gerilyang pagkilos upang maangkupan at mapawalang-saysay ang mga kagamitan at abanteng teknolohiyang ginagamit ng kaaway sa surbeylans tulad ng NVG/NVS at maiwasan na mapadepsiba. Sa simula ay hindi tu-

koy ang katangian ng mga bagong kagamitan ng kaaway. Iwinasto ito sa pagpapatupad ng bagong mga patakaran. Halimbawa nito ang pagbabawal sa paggamit ng kahoy sa pagluluto sa di matataong lugar. Hindi miminsang nangyari na ang nakikitang usok sa araw at apoy sa gabi ay pinagmulan ng ilang depensiba.

Alinsunod sa pambansang direktiba, inilatag din ang bagong sistema ng komunikasyon na naka-salalay sa malawak na lambat ng suporta at pagpapakilos sa masa. Ito ay upang pangibabawan ang mga problema sa seguridad na dulot ng dating sobrang pagsalig sa paggamit ng *cellphone* na mahigpit na minamanmanan ng kaaway.

Tinukoy din ang pangangailangan ng mas masinop na pag-aayos ng mas marami at mas ligtas na imbakan ng mga gamit pandigma. Gayundin, tinukoy ang pangangailangan ng pag-iimbak ng mga suplay sa iba't ibang estratehikong bahagi ng larangan bilang paghahanda sa pagharap sa matagalang mga operasyon ng kaaway.

Tinukoy ang kahinaan sa magagang paghahanda ng baseng masa para labanan ang tuwirang pandarahas, panlilinlang at saywar ng kaaway. Diniinan ang pangangailangan ng konsolidahan ang mga rebolusyonaryong organisasyon masa at mga yunit at pwersa ng mili-syang bayan upang mapakilos sa paglaban sa operasyon ng kaaway.

Tinukoy din ang pangangailangan ng labanan din ang kaaway sa pamamagitan ng mga aksyong masa, propaganda at pananawagan sa publiko. Dahil hindi ito napagtuanan ng pansin, nagkaroon ang kaaway ng pagkakataong magkalat ng itim na propaganda. Tinukoy ang pangangailangan isaayos ang paraan para sa mabilis na pagpapadalo ng impormasyon upang epektibong pabulaanan ang saywar at paninira ng kaaway.

AB



15 armas nasamsam ng BHB sa Bukidnon

Labinlimang iba't ibang kalibreng armas ang nasamsam ng isang yunit ng Rexan Perez Command ng BHB nang magkasabay nitong salakayin ang babuyan ni Rey Ma at manukan ng Limbo and Tyson Farms sa Barangay Patpat, Malaybalay City, Bukidnon nitong Disyembre 7. Nasamsam ng mga Pulang mandirigma ang isang karbin, dalawang pistolang kal. .22,

limang *shotgun*, anim na kalibre .38 rebolber at isang pistolang kalibre .45.

Pinaalalahanan ng BHB ang mga may-ari ng mga negosyong ito na igalang ang karapatan ng mga manggagawa. Bukod sa mababang pasweldo sa mga manggagawa, minamaltrato at tinatakot pa sila ng mga gwardya ng nasabing manukan at babuyan. **AB**

Ahente ng *death squad*, napatay

Isang ahenteng paniktik na sangkot sa pagpaslang sa isang lider-masa ng Bicol ang namatay nang manlaban siya sa tim ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na inatasang umaresto sa kanya para iharap sa paglilitis. Namatay nitong Disyembre 12 sa Ligao City, Albay si Expedito Ribaya, pangunahing *project officer* at *intelligence officer* sa pagpaslang noong Disyembre 31, 2006 kay Rodolfo "Ompong" Alvarado, *regional coordinator* ng Bayan Muna sa Bicol.

Iniutos ng rebolusyonaryong hukumang bayan sa Albay ang pagaresto kay Ribaya matapos lumabas sa malalim na imbestigasyon ng Santos Binamera Command ng BHB-Albay na direktang nakipagsabwatan ni Ribaya sa isang tim ng *death squad* ng militar sa pagmanman sa mga aktibidad ni Alvarado. Nang magkaroon ng pagkakataon ang *death squad*, si Ribaya mismo ang nagsilbing huling *look-out* nang paslangin si Alvarado.

Ayon sa imbestigasyon ng BHB-Albay, aktibong operatibang paniktik at tagapagkukop ng ilang tukoy na ahente ng militar si Ribaya habang nagtatrabaho sa Civil Security Unit sa ilalim ni dating Gob. Fernando Gonzales ng Albay. Mahigpit ang pakikipag-ugnayan niya sa *intelligence unit* na nagsisilbing *death squad* ng militar na nakabase sa himpilan ng 65th IB sa Barangay Tula-Tula, Ligao City.

Mag-iisang taon na mula nang paslangin si Alvarado pero wala pa ring natukoy man lamang na suspek ang mga pulis. Ginamit ni Ribaya ang kanyang pampolitikang kunkasyon at impluwensya at ang proteksyon ng AFP upang pagtakpan ang krimen.

Sa isang pahayag, sinabi ni Ka Florante Orobio, tagapagsalita ng BHB-Albay na "walang bagay na maaaring ilihim sa rebolusyonaryong kilusan na may malawak na suporta ng mamamayan at gumagamit ng syentipikong paraan ng pagsusuri at pagsisiyasat."

Anito, "Isang malaking tagumpay ito para sa mga kamag-anak at kaibigan ng mga biktima ng *extrajudicial killing* sa ilalim ng kriminal pasistang rehimeng US-Arroyo." **AB**

Matatagumpay na opensiba sa Southern Tagalog

Sampung tropa ng kaaway ang napatay, di kukulangin sa siyam ang nasugatan at isang helikopter ang napabagsak ng mga Pulang mandirigma sa tatlong magkakahiwalay na armadong aksyon sa Palawan, Rizal at Laguna ngayong buwan.

Disyembre 16. Tatlong sundalo ang napatay nang tambangan ng isang yunit ng BHB ang mga tropa ng Marine Battalion Landing Team 9 sa Barangay Binga, San Vicente, Palawan bandang alas-7 ng umaga. Binati ng Partido Komunista ng Pilipinas ang BHB-Palawan sa inilunsad na matatagumpay na aksyon ng militar. "Ang ambus sa Palawan ay sagot ng BHB sa harap ng patuloy na operasyong militar ng Armed Forces of the Philippines at sa ipokritong deklarasyon ng rehimeng Arroyo ng hungkag na 22-araw na unilateral na tigil-putukan," ayon kay Ka Roger, tagapagsalita ng PKP.

Disyembre 14. Apat na sundalo ang napatay at siyam naman ang nasugatan nang pabagsakin ng mga gerilya ng Mario Corpuz Command-BHB sa Tanay, Rizal ang isang helikopter na Huey ng Philippine Air Force.

Disyembre 7. Tinambangan ng isang platon ng Mario Corpuz Command-BHB ang isang iskwad ng 16th IB na lulan ng isang M-35 na trak sa Sityo Kamagong, Barangay Cueva, Sta. Maria, Laguna bandang alas-2 ng hapon. Tatlo ang napatay at marami ang nasugatan sa panig ng mga sundalo samantalang walang kaswalti sa panig ng BHB. **AB**



Militarisasyon sa kanayunan, lalong tumitindi

Patuloy ang pamamaslang ng mga berdugo ni Arroyo sa mga lider-masa at tagasuporta ng progresibong kilusan. Nitong Disyembre, isang makamasang konsehal ng bayan ang binaril sa loob ng kanyang upisina sa Masbate. Sa Quezon at Surigao, biktima ng dislokasyon ang libu-libong mamamayan kabilang ang maraming bata dahil sa militarisasyon. Sa Compostela Valley, isang lider-manggagawa ang pinagbantaang papatayin. Samantala, dalawang pinaghihinalaang cadre ng Partido ang dinukot at tinortyur sa Nueva Ecija noong huling linggo ng Nobyembre.

Disyembre 16. Pinagbantaang papatayin si Joel Cuyos, presidente ng Nagkahiusang Mamumuo sa San Jose-National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno. Natanggap ni Cuyos ang pagbabanta sa pamamagitan ng mga mensa-heng text. Tatlong kaduda-duhang lalaki ang namataang nagmaman-man sa plantang pinagtatrabahuan niya noong araw ding iyon. Nasa kalagitnaan ngayon ng negosasyon ang unyon at Sumitimo Fruits Corp. hinggil sa mga iginigiit ng mga manggagawa.

Disyembre 11. Daan-daang mga Agta mula sa bayan ng General Nakar, Quezon ang napilitang lumikas sa kani-kanilang mga tahanan nang maglunsad ang militar ng sunud-sunod na mga opensiba noong unang linggo ng Disyembre. Karamihan sa mga biktima ay mga bata. Ikinagalit ng mga Agta ang sapilitang pagrerekrut ng militar ng kalalakihan para maging myembro ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU).

Samantala, ayon sa Karapatan-Southern Tagalog, mahigit 9,000 nang mga bata mula sa Quezon ang naging *internal refugee* mula noong unang linggo ng Disyembre. Napilitan silang lumikas dahil sa matitinding abusong militar sa kanilang mga pamilya tulad ng pananakot, harasment at tortyur. Ipinatatawag ng mga sundalo ang mga magulang ng mga bata tatlong beses isang

buwan para sa interogasyon. Kapag di sila nakapupunta sa kampo, pinagbibintangan silang kasapi ng BHB.

Ang mga batang biktima ng militarisasyon na huminto na sa pag-aaral ay mula sa mga bayan ng General Luna, Agdangan at Lopez, Quezon. Sa Barangay Malaya, General Luna, nagtayo ang militar ng detatsment mala-pit sa paaralan kaya nagmistulang *war zone* ang paligid. May ilang batang ikinulong kasama ng kani-lang mga magulang na pinagbibintangang mga simpatisador o myembro ng BHB.


Disyembre 7. Pinatay ng isang isnayper si Regolo Moran, bise alkalde ng bayan ng Dimasalang, Masbate sa loob ng kanyang upisina. Malubha ring nasugatan ang dalawa niyang empleyado. Si Moran ay matagal nang kumukundena sa serye ng mga pamamaslang sa mga aktibista nitong nakaraang anim na taon. Pamumunuan sana niya ang isang rali para sa pagtata-guyod ng karapatang-tao noong Disyembre 10.

Nobyembre 28. Dinukot ng sampung elemento ng pinagsanib na pwersa ng Philippine National Police at ng 7th ID ng Philippine Army sina Emeterio Antalan at Ed-

gardo Friginal sa Pulong Bomba, Barangay Dimasalang Norte, Talavera, Nueva Ecija. Sina Antalan at Friginal ay parehong pinagsususpectsahang cadre ng PKP. Ayon sa mga saksi, ginapos ng militar ang kani-lang mga kamay, binugbog, pinagsisipa at kinulata. Isinakay silang nakapiring sa isang puting van na may plakang NUK 899 na papunta sa direksyon ng Barangay San Ricardo, Talavera. Inamin lamang ng AFP na nasa kanila sina Antalan at Friginal makalipas ang apat na araw. Bakas pa rin sa mga katawan nila ang mga pambubugbog at iba pang tortyur na naranasan nila nang makuasap na sila ng kani-lang mga kamag-anak nitong Disyembre 3 sa Nueva Ecija Provincial Jail sa Cabanatuan City. Bagamat pulitikal ang kasu nila, sinampahan sila ng

multiple murder, pagnanakaw at panununog.

Mistulang batas militar sa Eastern Visayas. Nagkaroon ng 139 kaso ng paglabag sa karapatan-tao na bumiktim sa 5,486 na indibidwal, 916 na pamilya at 12 komunidad sa Eastern Visayas ngayong 2007, ayon sa KATUNGOD-Sinirangan Bisaya. Tampok sa ulat ang karumal-dumal na pagmasaker ng mga elemento ng 19th IB sa pitong magsasaka ng Barangay San Agustin, Palo, Leyte kung saan kasamang napaslang ang magsasaka si Alma Bartoline at ang kanyang ipinagbubuntis na sanggol. Isa pang kasuklam-suklam na krimen ng AFP ang pagsunog ng mga elemento ng 62nd IB sa mga bahay ng mga magsasaka sa Sityo Ogbok,





Barangay Villa Aurora, Basey, Samar at Barangay Sinalangtan, Calbiga, Samar. Natupok ng apoy ang lahat ng kanilang mga ari-arian.

Matatandaang ipinangalandaan ng 62nd IB noong Disyembre 10 na ang Barangay Villa Aurora ay isa sa limang barangay kung saan nabawi na umano ang mga lupaing kinumpiska ng rebolusyonaryong kilusan at naibalik na sa mga may-ari nito. Ang mga magsasakang biktima ng panununog ay kabilang sa sinasabi ng militar na mga nag-bubungkal daw ng lupaing ginalwang mga komunal na sakahan.

Buo-buo ring mga pamilya ang inaresto at ikinulong. Isang halim-

bawa ang mag-asawang Dominador Doque at Divina Belanigue, kasama ang kanilang isang taong gulang na anak. Patuloy silang na-kakulong sa kampo ng 62nd IB sa pamumuno ni Lt. Col. Jonathan Ponce.

Ayon sa KATUNGOD-SB, mistulang batas militar ang pinaiiral sa buong Eastern Visayas dahil sa tindi ng mga paglabag sa karapatan-tao.

Hagupit sa mamamayan ng Surigao del Sur. Sa Surigao del Sur, mahigit 400 residente kabilang



ang mga bata mula sa Sityo Kilometer 22, Barangay Anahao Daan, Tago ang sumilong noong Disyembre 2 sa mga abandonadong kubo sa Barangay Parina. Mahigit 100 lumad naman sa Barangay Lagangan ang nagsisikikan sa *barangay hall* ng Carac-an, Tago dahil sa panibagong opensibang militar ng AFP. Nauna rito, mahigit 3,000 residente ang nagsilikas dahil sa matitinding operasyong militar.

Lumikas ang mga taumbaryo dahil tinututukan sila ng baril ng mga nag-ooperasyong mga sundalo

Colonel Buan at 5 iba pa, isinakdal

Pormal na isinakdal sa Hukumang Bayan noong Disyembre 10 sina Col. Noel Buan, pinuno ng Internal Security Group (ISG) ng Philippine Army at limang iba pa sa Armed Forces of the Philippines (AFP) kaugnay sa pagdukot noong Abril 12 kina Ma. Luisa Posa-Dominado at Nilo Arado at bigong pagpatay kay Leeboy Garachico. Kaalinsabay nito, inatasan ng Hukumang Bayan ang Coronacion "Waling-waling" Chiva Regional Operational Command ng BHB sa Panay na arrestuhin ang mga nasasakdal para malitis ang kanilang mga kaso.

Ayon kay Ka Julian Paisano, tagapagsalita ng BHB-Panay, kasama ni Buan na isinakdal sina Col. Marianito Perez, pinuno ng Military Intelligence Battalion (MIB) ng 3rd Infantry Division (ID), Philippine Army; Maj. Gen. Juvenal Narcise, hepe ng 3rd ID; Capt. Lowen Gil Marquez, tagapagsalita ng 3rd ID; at Demetrio "Hugo" Capilastique ng RPA, isang espesyal na CAFGU ng militar. Pinangalanang din sa kaso sina Gloria Macapagal-Arroyo; Sec. Norberto Gonzales, at ilang "John Doe" na sangkot sa pagdukot.

Ipinabatid ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, na natanggap na ng pambansang liderato ng Partido at ng Pambansang Kumand sa Operasyon ng Bagong Hukbong Bayan ang mga kopya ng sakdal at may kopya na rin nito ang mga kinaukulang pambansa at panrehiyong awtoridad para sa formal na pro-

sesong hudisyal at aksyong pampulis. Hinikayat ni Rosal na humarap sa Hukumang Bayan ang mga isinakdal at magsumite ng kani-kanilang mga pahayag para mapakinggan ang kanilang panig.

Inaakusahan sina Colonel Buan at Perez ng pamumuno sa pagharang at pagdukot kina Dominado at Arado at bigong pagpatay kay Garachico. Pinamunuan ni Capilastique ang *death squad* na nagpatupad ng pagdukot at bigong pagpatay, dagdag pa nito. Sina General Narcise at Captain Marquez ay inaakusahan ng panunulsol at pagtakip sa krimen, tulad ng panunulsol nila na dukutin at paslangin ang marami pang ibang lider at aktibista ng ligal na organisasyong masa at partido.

Kabilang sa nagbigay ng mga impormasyon at testimonya sa pagsakdal kina Colonel Buan at iba pa ay mga empleyado ng gubyerno at ilang aktibong tauhan ng Philippine Army. Nasasangkot si Colonel Buan sa pagbubuo ng mga *death squad* at sa likidasyon ng mga pinuno ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay mula nang madeploy siya sa isla.

Si Colonel Buan ay dating *prisoner of war* ng BHB sa Mindoro sa kasong pang-eespiya at iba pang krimen sa digma. Pinalaya siya noong 2001 sa batayang makatao at bilang pagmamagandang loob para sa negosasyong pangkapayapaan sa rehimeng Arroyo. Hindi niya sinuklian ng kagandahang-loob ang pagpapalaya sa kanya ng BHB at ng rebolusyonaryong kilusan, ayon kay Rosal.

AB



kapag dumaraan sa kanilang bukirin. Nirekisa rin ng mga sundalo ang kanilang mga bahay, ninakaw ang kanilang mga produkto at pinaalis sila sa kani-kanilang mga tahanan para mapagkampuhan ng militar ang mga ito.

Matinding gutom at hirap ang kinakaharap ngayon ng mga bakwit dahil hindi kayang ibigay ng mga upisyal ng Barangay Anahao Daan ang kanilang mga pangangailangan. Naiulat na 53 bata ang dumaranas ngayon ng grabeng pagubo, sipon, pagtatae at pananakit ng mata.

Iginiit ng mga bakwit na hindi sila babalik sa kanilang mga bahay hangga't hindi umaalis ang mga sundalo. Ito'y sa kabilang panawagan umano ni Col. Francisco Mendoza, namumuno ng nag-oopersiyong mga tropa ng 58th IB, na bumalik na sila sa kani-kanilang mga tahanan. Ayon sa mga bakwit, ayaw na nilang maulit ang isang pangyayari noong Mayo 2005 kung saan walong magsasakang sapilitang pinagsilbing giya ng militar ang hindi na muli natagpuan. Isa ring magsasaka, si Jessie Bacasmas, ang basta na lamang binaril habang nagsasakay ng mga gamit sa trak na may lulang mga bakwit. Anila, habang nagpapatuloy ang operasyong militar at nakapakat ang daan-daang tropa sa kanilang mga barangay ay hindi sila ligtas sa mga abusong militar.

Mahigit isang buwan nang naglulunsad ng operasyong militar ang mga elemento ng 58th IB sa liblib na mga komunidad ng mga bayan ng Lianga, San Agustin, Tago at San Miguel, Surigao del Sur. Desperado itong pagtatangka ng 401st Infantry Brigade sa pamumuno ni Col. Jose Vizcarra na durugin ang armadong rebolusyonaryong kilusan at lipulin ang BHB sa naturang lugar pagsapit ng 2010. **AB**

Walang katarungan sa ilalim ng rehimeng Arroyo

Ginunita sa iba't ibang panig ng bansa nitong Disyembre 10 ang Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao.

Sa Maynila, ipinahayag ng mahigit 2,000 katao ang kanilang damdamin laban sa mga paglabag sa karapatang-tao sa mga plakard at istrimer nila. May mga nagsuot ng mga maskarang may tig-iisang letrang bumubuo ng salitang "hustisya."

Ilang metro bago ang Malacañang ay hinarang sila ng mga pulis na may suportang dalawang trak ng bumbero. Itinuloy ng mga nagmamartsa ang kanilang programa sa Morayta St. sa Sampaloc.

Ani Rep. Teodoro Casiño ng Bayan Muna, isa sa mga nagtalumpati sa rali, hindi kailanman makakamtan ng mamamayang Pilipino ang minimithing katarungan habang nasa kapangyarihan ang rehimeng Arroyo. Ayon naman kay Marie Hilao-Enriquez ng Karapatan, makakamtan lamang ang katarungan kung ang kasalukuyang administrasyon ay matatanggal sa poder.

Naglunsad rin ng mga martsa at rali sa ibang bahagi ng bansa tulad ng Negros, Panay, Cebu City at Davao City. Ang maikling lakbayan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP)-Negros ay sinilihan ng 1,500 mula sa mga alyadong organisasyon sa ilalim ng BAYAN. Binasa sa pagtitipon sa plasa ng Bacolod City ang isang mensahe mula kay Kasamang Luis Jalandoni, tubong-Negros na tagapangulo ng NDFP Peace Negotiating Panel. Hinikayat ni Jalandoni ang pagkilos at pag-oorganisa ng libu-libong mamamayan para makapag-ilon sila ng lakas upang maipagtanggol at ipaglaban ang karapatang-tao.

Sa Panay, nagmartsa rin ang 3,600 aktibista sa Iloilo City, sa Roxas City, Capiz at sa Kalibo, Aklan. Tinuligsa nila ang kontra-rebolusyonaryong patakaran ng gubyerno na siyang sanhi ng nagpatuloy na mga pampulitikang pamamaslang at pagdukot sa mga aktibista. Sa Cebu City at Davao, pinamunuan ng BAYAN at Bayan Muna ang mga kilos-protesta.

Sa Mindanao, nilagdaan nina Bishop Delfin Callao ng Iglesia Filipina Independiente, Ustadz Mohammad Tee, Ustadz Wilson Miranda at Amira Ali-Lidasan ng Suara Bangsamoro Party at iba pang alyadong organisasyon ang isang pahayag na bumabatikos sa "all-out war" ng rehimeng US-Arroyo laban sa mga rebolusyonaryong powersa at mga pinagsususpectsang base nila. Anila, sa tabing ng mga programang "counter-terrorism" at "counterinsurgency," ginagawang target ng mga operasyong istrayk, saywar at gawaing paniktik ang mga sibilyang komunidad ng Kristyano, Moro at Lumad.

Ipinahayag naman ni Archbishop Angel Lagdameo, presidente ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) na mahihirapan, kundi man imposibleng makuha ng gubyernong Arroyo ang tiwala at respeto ng publiko dahil sa talamak na rekord nito sa pang-aabuso sa karapatang-tao.

AB

Pitong taon ng pagnanakaw

Inilabas ng Pulse Asia nitong Disyembre 11 ang resulta ng sarbey kung saan sinabi ng 42% ng mga rumesponde na si Gloria Arroyo ang pinakakorap sa mga naging presidente ng bansa. Pinagpilian sa sarbey ang mga naging presidente mula kay Ferdinand Marcos. Tinalo ni Arroyo sa sarbey si Marcos na nagtala ng 35%.

Naglabas naman ang Transparency International ng ulat nito lamang Disyembre 6 na nagsasabing ang Pilipinas ay nasa unang 10 sa listahan ng may pinakamaraming kaso ng suhulan sa buong mundo.

Ang mga ulat na ito ay sumasalamin sa malalang korapsyon sa bansa. Sumusunod ang pinakamalaking kaso ng pangungurakot na kinasangkutan ni Arroyo, ng kanyang pamilya at mga kroni mula 2001:

► Paggamit ni Arroyo sa *pork barrel* upang bilhin ang suporta ng mga kongresista, panunuhol niya nitong Oktubre ng hanggang tig-₱500,000 sa mga gubernador, kongresista at meyor kapalit ng suporta sa pagbabasura sa pangatlong *impeachment* at pagpapabuya ng magastos na byahe sa Europe ng 200 kroni at mga pamilya nila kapalit ng pagkakabasura ng *impeachment*;

► Paggamit ni Arroyo sa sumusunod para sa kandidatura at pandaraya sa eleksyon 2004:

\$683 milyong pondo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (mula sa nakaw na yaman ng mga Marcos), ₱2.9 bilyong pondo pang-agrikultura (kabilang ang ₱728 milyong *fertilizer scam*), ₱4 bilyong pondo ng Philhealth at ₱4 bilyong pondo mula sa Road Users' Tax; at pagkakaroon ng ₱36 milyon sa bangko sa alyas na Jose Pidal at ₱200 milyon sa prenteng Lualhati Foundation;


► Paggastos sa sumusunod para sa pandaraya sa

eleksyon 2007: ₱8 bilyon pondo ng programang *food-for-school*, ₱1 bilyong pondo ng Philippine National Oil Company at National Development Corporation para sa bogus na proyektong pagtatanim ng *jathropa* o tangan-tangan;

► Pagtanggap ni Arroyo at ng mga kroni niya ng \$14 milyong suhol mula sa Industrias Metalurgicas Pescarmona Sociedad Anonima para sa Caliraya Power Plant; ng \$14 milyong suhol mula sa Philippine International Air Terminals Co. Inc. para sa NAIA Terminal 3; ng milyun-milyong piso mula sa *jueteng*; at naunsyaming pagtiba ng \$130 milyon mula sa ZTE para sa kontratang *national broadband network*;

► ₱533 milyong patong sa presyo ng konstruksyon ng Diosdado Macapagal Boulevard; ₱500 milyon patong sa presyo ng mga makinang pambilang ng boto na binili sa Mega-Pacific Corporation; pagpapalobo sa \$503 milyong kontrata ng North Rail Transit; at pagpapalobo ng gastos tungong mahigit ₱1 bilyon para sa ASEAN Summit noong Enero 2007;

► Pagkunsinti at pa-



kikinabang sa talamak na korapsyon sa militar at pulisia at sa kumikitang mga ahensya ng gubyerno tulad ng GSIS at PAGCOR;

► Patuloy na pakikipag-areglo sa pamilyang Marcos upang makabahagi sa kanilang nakaw na yaman at pakikipagsabwan kay Eduardo "Danding" Cojuangco hinggil sa ganap na pag-angkin ni Cojuangco sa 27% ng mga sapi ng San Miguel Corporation;

► Pagpapahintulot sa Meralco na magtaas ng singil noong 2003 kapalit ng suporta sa kandidatura ni Arroyo noong 2004;

► Tangkang panunuhol sa mga obispo ng simbahang Katoliko;

► Pagbibigay sa YNN Pacific Consortium Inc. ng karapatang bilhin ang Masinloc Power Plant ng dahil lang sa koneksyon;

► Pagwawaldas sa ₱5 bilyong pondo ng Office of the President at ang pilit na pagdaragdag sa pambansang badyet ng 2006 nang ₱3 bilyon para sa Kilos Asenso Support Fund at ₱3.69 bilyon para sa Kalyaan Barangay Fund na direktang nasa ilalim ng upisina ni Arroyo;

► Pagkakaroon ng Malacañang ng kwestyunableng mga gastos na umaabot sa mahigit ₱2 bilyon at ng mga walang paliwanag na milyun-milyong pisong *cash advances* ng mga punong upisyal ni Arroyo, katulad ni National Security Adviser Norberto Gonzales; at

► Pagbibigay ni Mike Arroyo ng ₱48 milyon sa kanyang kalaguyo at mga kamag-anak niyon;

► Paghmaniobra sa *bidding* sa pamamagitan ni Diosdado Macapagal Jr., kapatid ng presidente, para maibenta sa murang halagang \$3.95 bilyon (kulang pa sa kalahati ng aktwal na halaga ni-to) ang National Transmission Corp. sa Monte Oro Grid Resources na kunketado sa mga kroni niyang sina Enriquez Razon Jr. at pamilya Aboitiz. AB

Pautang ng World Bank, sinuspinde

Sinuspinde ng World Bank (WB) ang \$232 bilyong pautang para sa mga proyektong kalsada ng gubyerno ng Pilipinas. Ang suspensyon ay ginawa ng bangko dahil sa mga iregularidad sa implementasyon ng pinaglalaanang mga proyekto.

Ipinagpalibutan ng pamunuan ng WB ang ikalawang yugto ng National Roads Improvement and Management Program (NRIMP) ng Pilipinas habang hinihintay nito ang resulta ng internal na pagsisiyasat sa natuklasang mga katiwalian.

Sa pagitan ng 2002 at 2006, dalawang malaking kontrata sa ilalim ng unang yugto ng NRIMP ang hindi inaprubahan ng WB dahil sa matitingkad na palatandaan ng kutsabahan at sobrang pagpepresyo sa tatlong *bidding* na isinagawa.

Tatlong kumpanyang Tsino at isang lokal na kumpanya ang sangkot sa maanomalyang mga kontrata. Ito ang China State Construction Engineering Corp., China Road & Bridge Corp., China Geo-engineering Corp., China Wu Yi Co. Ltd.



at ang E.C. de Luna Construction Corp.

Hindi malaman ng gubyernong Arroyo kung paano pagtatakpakan ang kahiya-hiyang suspensyon ng pautang. Nagiging katawa-tawa tuloy ang mga pahayag ng mga tagapagsalita ng administrasyon.

Nagsinungaling pa si Hermogenes Ebdane ng Department of Public Works and Highways na pinaimbestigahan umano niya ang maanomalyang mga *bidding*. Pero wala naman siyang masabing detalye

ng umano'y ginawang pagsisiyasat. Hindi rin ito tugma sa pahayag ni Finance Sec. Margarito Teves na noong Abril pa ipinagbigay-alam sa gubyerno ang internal na imbestigasyong isinasagawa ng WB.

Lumalabas na ang "imbestigasyon" ni Ebdane ay walang pinakaiba sa iba pang "imbestigasyong" iniutos din daw ng Malacañang ukol sa ilang iskandalong kinasasangkutan nito. Walang totoong pagsisiyasat na naganap at ang sinasabing mga imbestigasyon ay pagtatakip lamang sa sumisingaw na baho ng katiwalian sa gubyernong Arroyo.

Lalong katawa-tawa ang pahayag ni Cerge Remonde, hepe ng Presidential Management Staff, na ang suspensyon ng pautang ay resulta lamang daw ng internal na bangayan sa hanay ng mga istap ng WB.

Depensa naman ni Budget Sec. Rolando Andaya, hindi naman daw tuwirang sinabi ng WB na may iregularidad sa mga proyekto. Sa katanungan, partikular na tinukoy sa isang pahayag ng WB na aktwal na mga iregularidad ang dahilan ng pagtanggi ng bangko sa dalawang proyektong kalsada.

Manunulat para sa bayan, pumanaw

Pumanaw noong Disyembre 5 ang manunulat na si Prop. Rene O. Villanueva, 53. Guro si Villanueva sa Departamento ng Filipino at Panitikan sa University of the Philippines.

Nagbigay-pugay kay Villanueva ang Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND) sa UP Diliman.

Ayon sa CONTEND-UP: ..."sa gitna ng napakaraming mga dula, sanaysay, pananaliksik, kwentong pambata at iba pang mga proyekto isinusulat sa pagitan ng kanyang mga gawain sa loob at labas ng unibersidad, naglaan siya ng espasyo sa kanyang panulat upang magsulat tungkol at para sa bayan." Pumanaw man ang manunulat ng bayan ay maririnig pa rin ang kanyang sigaw ng pakititunggali tulad nito: "Bawat ungel ng makina ay halakhak ng salarin/Ng estadong kumukutya sa konsensiyang tumututol/Sa kawalang katarungan, kalayaang isinangla...." ("Tagulaylay ng Republika (Sa SONA 2006)").

AB

Pambansang tigil-pasada

Nagkandarapa sa paghahanap ng remedyo ang rehimeng US-Arroyo tulad ng pagpapatawag ng dayalogo at pag-alok ng tulong na bisgas para lamang hindi matuloy ang pambansang tigil-pasada na pinamunuan ng Pagkakaisa ng mga Tsuper at Opereytor Nationwide (PISTON) noong Disyembre 13.

Ayon kay George San Mateo, tagapagsalita ng PISTON, ang 70% paralisasyon sa Metro Manila at 90% ng kabuuang pampublikong transportasyon ng bansa ay pagpapakita ng pagkakaisa ng mga drayber at mamamayan sa panawagang ibasura ng gobyerno ang Oil Deregulation Law, alisin ang RVAT (Reformed Value Added Tax) at isabansa muli ang kumpanya ng Petron.

Maaga pa lamang noong Disyembre 13 ay nadama na ang epekto ng welga sa Metro Manila. Aktibong nagbigay ng suporta sa mga drayber ang mga kasapi ng KMU, Kadamay, Bayan Muna, Gabriela, Anakpawis, Anakbayan at iba pang alyadong organisasyon sa ilalim ng BAYAN. Dahil dito ay inutusan ng Malacañang ang iba't ibang ahensya ng gobyerno na magdeploy ng

mga sasakyang tangkang maunay ang welga. Ipinadala rin sa mga "choke point" o mga "strike center" ang mga anti-riot police na armado ng matataas na kalibreng baril para takutin ang mamamayan sa "panggugulo" umanong pinaplanong mga drayber at alyado nilang mga aktibista.

Sa Southern Tagalog, matagumpay na pinamunuan ng STARTER (Southern Tagalog Sector Organization) ang welga. Syento porsyentong naparalisa ang pampublikong transportasyon sa Camarines Norte at Sur, Albay at Sorsogon, ayon sa Concerned Drivers and Operators (CONDOR)-PIS-

TON-Bikol. Sumali rin ang mga kasapi ng Metro-Baguio PISTON sa Northern Luzon.

Sa Panay, mahigit 95% paralisado ang pampublikong transportasyon sa Iloilo City at mga prubinsya ng Iloilo, Aklan at Capiz noong Disyembre 12 at 13. Ayon sa Iloilo City Alliance Drivers' Association at PISTON-Panay, dapat talaga silang lumahok sa welga dahil ang isang ordinaryong drayber ay gumagastos ng humigit-kumulang ng ₱700 sa langis; ₱500 "boundary" sa may-ari ng dyip; at ₱150 sa pagkain habang pumapasada. Bukod pa ito sa mga multa at bayad sa mga paglabag sa trapi-ko. Sa ₱1,500 na karaniwang kita ay ₱80 kada araw na lamang ang natitira sa isang drayber.

Sa Bacolod City, Negros Occidental, umabot sa 96% ang tigil-pasada ng 7,000 yunit ng UNDOC (United Negros Drivers and Operators Center) at FEBACDA (Federation of Bacolod City Drivers Association) noong Disyembre 13 at 14. Dahil dito ay naapektuhan ang pang-ekonomya at pampulitikang aktibidad ng karatig na mga lunsod ng Silay at Talisay.

Ayon naman sa TRANSMISSION, TIRES at STAREX (Solidarity of Transport Alliance in Region X), pawang mga alyado ng PISTON, mahigit 95% ng pampublikong transportasyon ang naparalisa sa Davao City, Compostela Valley, Davao Oriental, General Santos, Cagayan de Oro, Iligan at iba pang lunsod ng Northern Mindanao.

Sa Koronadal City sa Cotabato, namigay ng mga polyeto sa mga terminal ng mga sasakyang publiko ang mga kasapi ng Bag-ong Alyansa sa mga Kabus nga Opereytor ug Drayber.

300 Maoistang Indian, tumakas sa bilangguan

Hilos 300 detenidong gerilyang Maoista ang tumakas sa bilangguan ng Dantewada, Rajpur sa estado ng Chhattisgarh sa India noong Disyembre 17. Bago mangyari ito, nagkaroon umano ng mga pag-aaway ang mga bilanggo. Nang malihis ang atensyon ng mga bantay, dinumog nila ang mga ito. Dala-dala ng mga nakatakas na 299 sa kabuuang 377 bilanggo ang mga armas ng mga bantay.

Dalawang araw bago ito, sinalakay ng isang yunit gerilya ang isang istasyon ng pulis sa Vishrampuri, Bastar sa estado ng Chhattisgarh. Armado ng AK-47 at mga eksplosibo, pinasabugan nila ang istasyon ng pulisia. Isang rebolber ng *assistant sub-inspector* at limang batuta lamang ang kanilang nasamsam sa anim na pulis na namatay sa labanan. Ang dahilan nito, ayon sa ulat ng Maoist Revolution, ay ang pagkumpiska ng estado sa silangang India sa mga armas ng mga pulis sa ilang dosenang detatsment bunsod ng sunud-sunod na mga operasyong disarma ng mga gerilyang Maoista. **AB**





ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 24

Disyembre 21, 2007

www.philippinerevolution.org


Editoryal

Gapiin ang Oplan Bantay Laya at ang rehimeng US-Arroyo

Sa pagwawakas noong katapusan ng 2006 ng unang Oplan Bantay Laya (OBL), ipinangalandakan ng rehimeng US-Arroyo at ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na matagumpay ang kanilang limang-taong kontra-rebelsyonaryong Internal Security Operations Plan. Nang simulan naman ang OBL 2 noong Enero, paulit-ulit na itinambol ng mga pasistang upisyal na "mapagpasyang malilipol ang mga rebolusyonaryong pwersa pagsapit ng 2010."

Ngunit Oktubre 2007 pa lamang, nabunyag sa publiko ang isang sikretong dokumento ng AFP na nagsasabing imposibleng makamit ang target ng OBL 2. Isinasaad ng dokumentong ito na bigo maging ang OBL 2 sa target nitong madurog ang 12 larangang gerilya ngayong taon.

Tulad ng lahat ng naunang kontra-rebelsyonaryong plano ng reaksyunaryong papet na estado, tiyak na mabibigo ang di makatarungan, malupit, mapangwasak at kontra-mamayang OBL 2. Ipinakikita ito ng kongkretong karanasan sa iba't ibang larangang gerilya. Nahihibang ang rehimeng US-Arroyo na magaga-



**Mga tampok sa
isyung ito...**

**Bigo ang OBL 2 sa
Northeastern
Mindanao**

PAHINA 3

**15 armas, nasamsam
ng BHB sa Bukidnon**

PAHINA 6

**Pitong taon ng
pagnanakaw**

PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com